



**PAGSASA-FILIPINO NG DALAWANG DULANG INGLES AT PAGBUO  
NG KARAGDAGANG MUNGKAHING GABAY  
SA PAGSASALING-WIKA**

Isang Master Tesis  
na Iniharap sa mga Guro ng  
Paaralang Gradwado ng Edukasyon, Sining at Agham  
Ng Pamantasang De La Salle–Dasmariñas  
Dasmariñas, Cavite

Bilang Bahagi ng Pagtupad  
sa Pangangailangan  
Upang Makamit ang Titulong  
Master ng Sining  
Dalubhasa sa Filipino

**MARILYN R. VIRATA**  
Oktubre 2001

1 5 MAR 2001



### ABSTRAK

**Pangalan ng Institusyon:** Pamantasang De La Salle-Dasmariñas  
**Direksyon:** Dasmariñas, Cavite  
**Pamagat:** Pagsasa-Filipino ng Dalawang Dulang  
Ingles at  
Pagbuo ng Karagdagang Mungkahing  
Gabay sa Pagsasaling-Wika  
**Awtor:** Marilyn Reyes-Virata  
**Titulo:** Master ng Sining Dalubhasa sa Filipino  
**Ispesyalisasyon:** Filipino  
**Petsa ng Pagsisimula:** Oktubre, 1996  
**Petsa ng Pagtatapos:** Oktubre, 2002

#### MGA LAYUNIN NG PAG-AARAL:

##### A. PANGKALAHATAN:

Maisalin sa Filipino ang dalawang dulang Ingles at makabuo ng karagdagang mungkahing gabay sa pagsasaling-wika.

##### B. ISPESIPIKO:

1. Mabatid ang pangangailangan sa pagsasaling-wika.
2. Maisalin ang mga dulang Ingles sa Filipino base sa teorya sa pagsasalin ni Larson at mungkahing pamamaraan ni Newmark.



3. Mapagtibay ng mga espesyalista sa pagsasalin at espesyalista sa paksang isasalin ang mga tekstong isasalin batay sa kawastuhan, kalinawan at kabisaan.
4. Makagawa ng isang mungkahing gabay.
5. Mapagtibay ng mga espesyalista ang mungkahing gabay ayon sa pormat at nilalaman.

**SAKLAW NG PAG-AARAL:**

Ang pag-aaral na ito ay sumasakop lamang sa paghahanda ng isang mungkahing gabay sa pagsasaling-wika. Binuo ang mga pamantayan ng gabay base sa pagsasalin sa Filipino ng dalawang dulang Ingles. Ang dalawang dulang Ingles na ito na isinalin sa Filipino ng mananaliksik ay pinamagatang "The New Breed" at "The Professor and the Lady". Ito ay mga dulang iisahing yugto na isinulat ni Domingo Nolasco. Piniling isalin ang mga dulang ito dahil kabilang ang mga ito sa mga sangguniang tekstong kasama sa aklat na gagamitin sa Literatures of the Philippines.

**PAMAMARAAN:**

1. Bago naisagawa ang mungkahing gabay sa pagsasalin ang mananaliksik ay nagsalin muna sa Filipino ng dalawang dulang Ingles.



1.1 Bago ang pagsasalin, ang mananaliksik ay nakipanayam muna sa mga guro na nagtuturo ng Literatures of the Philippines.

1.2 Matapos ang pakikipanayam, ang mananaliksik ay nagsagawa ng sarbey upang tunay na mailarawan ang pangangailangan sa pagsasalin.

1.3 Pinili ang dalawang dulang Ingles na isinalin sa Filipino batay sa mungkahi ng mga guro dahil ito ay kabilang sa mga sangguniang tekstong kasama sa aklat na gagamitin sa Literatures of the Philippines.

1.4 Nagsuri ang mananaliksik ng mga pagdulog na ginamit ng iba't ibang mananaliksik sa pagsasalin at mula rito pumili siya ng sariling pagdulog na ginamit sa dulang isinalin.

2. Matapos isagawa ang pagsasalin ng dalawang dulang Ingles, ito ay nirebisa ng mananaliksik at pinagtibay ng mga espesyalista.

3. Nirebisa ang salin base sa puna ng mga espesyalista.

4. Isinagawa ang mungkahing gabay at ang mga nabanggit na proseso ang nagsilbing lunsaran sa pagsasagawa nito.

4.1 Sinuri ang pamantayan sa pagsasagawa ng gabay ni Pfeiffer (1997) upang maisagawa ang pormat.



4.2 Kinonsulta ang aklat ni Almario et al. (1996), Patnubay sa Pagsasalin upang maging gabay sa pagsasagawa ng nilalaman.

5. Isinangguni ang nabuong mungkahing gabay sa pagsasaling-wika ng dula sa mga espesyalista at nagtakda ng marginal notes ang mga ito.

5.1 Naghanda ng pamantayan ang mananaliksik upang mapagtibay ang mungkahing gabay ayon sa pormat at nilalaman.

6. Isinagawa ang pinal na rebisyon ng mungkahing gabay.

7. Isinulat ang pinal na kopya ng mungkahing gabay sa pagsasaling-wika ng dula.

#### **PANGKALAHATANG RESULTA NG PAG-AARAL:**

1. Ang pagsasaling-wika sa Filipino ng mga materyales na nasusulat sa Ingles ay mahalagang paraan upang maunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa. Ito ay daan din upang maging aktibo at interesado ang mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan.

2. Ang teorya ni Larson at mga mungkahing pamamaraan ni Newmark ay isang pagtuklas sa pagsasalin ng mga dulang Ingles sa Filipino.

3. Ang karanasan sa pagsasalin ay isang batayan upang makabuo



ng isang mungkahing gabay sa pagsasaling-wika.

**KONGKLUSYON:**

1. Ang pagsasaling-wika ay mabisang paraan upang maunawaan at mapahalagahan ang pag-aaral ng panitikan.
2. Sa pagbuo ng gabay sa pagsasaling-wika, nararapat itong suportahan ng iba't ibang teoryang lokal at banyaga upang mapalawak pa at upang makabuo ng isang maayos na gabay.

**REKOMENDASYON:**

1. Subukin ang kabisaan ng mungkahing gabay para sa kaepektibuhan nito.
2. Subukin ang nabuong mungkahing gabay sa pagsasaling-wika upang ito ay maging isang publisadong gabay.
3. Dahil ang nabuong mungkahing gabay ay para sa dula, gumawa ng iba pang mungkahing gabay sa pagsasaling-wika ukol sa iba pang uri ng panitikan at ipasuri din ang mga ito sa mga espesyalista sa pagbuo ng gabay.
4. Bukod sa teorya ni Larson at Newmark, maaaring gumamit pa ng ibang higit na makabagong teorya sa pagsasalin na angkop sa pagsasalin sa Filipino.



**TALAAN NG NILALAMAN**

**PAHINA**

PAMAGAT NA PAHINA	1
ABSTRAK	2
DAHON NG PANGSANG-AYON	7
PASASALAMAT	8
TALAAN NG NILALAMAN	11
KABANATA	
1. KALIGIRAN NG PAG-AARAL	
Panimula	13
Batayang Konseptwal	19
Paglalahad ng Layunin	23
Saklaw at Limitasyon	23
Kahalagahan ng Pag-aaral	24
Katuturan ng Terminolohiya	25
2. MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL	
Kaugnay na Literatura	28
Kaugnay na Pag-aaral	42
3. METODOLOHIYA	
Disenyo ng Pananaliksik	47
Mga Respondente	48
Pamamaraan ng Pananaliksik	48



Instrumentasyon	50
Balidasyon ng mga Instrumento	51
Istatistikong Paglalapat ng mga Datos	52
<b>4. PRESENTASYON, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS</b>	
Ispesipikong Layunin 1	53
Ispesipikong Layunin 2	55
Ispesipikong Layunin 3	106
Ispesipikong Layunin 4	117
Ispesipikong Layunin 5	157
<b>5. BUOD, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON</b>	
Buod	170
Kongklusyon	173
Rekomendasyon	174
<b>TALASANGGUNIAN</b>	175
<b>APENDIKS</b>	
A Talatanungan para sa mga Guro	177
B Liham para sa mga Tagapagpatibay	178
C Pamantayan sa Pagtataya ng Salin	179
D Resulta ng Kabuuan ng Balidasyon ng mga Tagapagpatibay	182
E Curriculum Vitae	183
F Curriculum Vitae ng mga Tagapagpatibay	186